**Camella Lipa Homeowners' Association, Inc.**
Brgy. Tibig, Lipa City Batangas · HLURB Reg. No. 15447 · TIN No. 420-931-299-000
Official Website: https://camellalipahoa.com · Contact No.: +639171364374 ·
Email: hoaofficial@camellalipahoa.com

# CIRCULAR 2026 – 0105

Date : January 16, 2026
To : All Homeowners
From : HOA Office
Re : Board of Directors Election 2026

On behalf of the Camella Lipa Homeowners' Association, Inc., through its Board of Directors, to formally convey the Board's position regarding the recent actions, issuances, and conduct of the Election Committee (ELECOM).

After careful consideration, the Board finds that, taken collectively, these acts clearly demonstrate a failure on the part of the ELECOM to perform its duties and responsibilities with fairness and sound judgment. The rules and regulations issued, as well as the manner in which they have been implemented, exhibit clear bias and an inability to maintain an impartial, orderly, and credible electoral process.

In view of the foregoing, the Board regrets to inform you that it finds that the actions and conduct of the ELECOM are prejudicial to the best interests of the community. Accordingly, the Board hereby withdraws its trust and confidence in the ELECOM's capacity to discharge its duties and responsibilities in a fair, impartial, and unbiased manner.

The members of the Board shall take the necessary measures to ensure the continued peace, order, and integrity of the election process for board members, free from the influence of individuals whose actions have caused serious and divisive conflict within the community.

Furthermore, the Board shall commence the collection of evidence to support the filing of a formal complaint with the appropriate governing authority, in order to protect the interests of the community and to prevent any unfair, biased, or disorderly electoral practices.

This letter is issued in the interest of transparency, accountability, and the preservation of the integrity of the Association's electoral processes.

Signed by:

Christopher Lloyd O. Castillo
CLHOAI- BOD President



**CONTACT US:**
**BILLING CONCERN – Email: camellalipahoa@yahoo.com.ph; camellahoa2021@gmail.com; **ENGINEER CONCERN – Email: camhoa.engineer421@gmail.com
FB Messenger: **Camella Lipa Hoai** • FB Page: **Camella Lipa Homeowner's Association, Inc.-Official**

# A B I S O

Ang ELECOM ay nagpasiya na isagawa ang eleksiyon sa paraang nakabatay sa personalidad at sa pansariling interes ng iilang indibidwal, na nagdudulot ng pagkakawatak-watak at pagkakahati-hati ng mga homeowners. Ilan sa mga patunay ng hindi mapayapa, hindi maayos, at may kinikilingan na mga pamamaraan ay ang mga sumusunod:

1. Lumalabas sa lahat ng komunikasyon ng ELECOM na isang Marissa Antonio Corpuz-Mauleon ang lumagda bilang Ingat-Yaman (Treasurer) nito. Gayunman, ang naturang indibidwal ay hindi kailanman iminungkahi ni inihalal bilang kasapi ng ELECOM. Ang kanyang pag-ako at pagsasagawa ng tungkulin bilang Ingat-Yaman ay hayagang lumalabag sa Seksyon 89 ng Implementing Rules and Regulations ng Republic Act Blg. 9004, na tahasang nagsasaad na ang mga kasapi ng Election Committee ay dapat ihalal sa pamamagitan ng isang General Assembly o Special General Assembly.

2. Ang ELECOM ay naglabas ng sarili nitong mga tuntunin at regulasyon na nagsasaad na ang komposisyon ng Board of Directors ay hindi bababa sa lima (5) at hindi hihigit sa pito (7) na kasapi. Sa paggawa nito, pinili nitong hindi sundin ang umiiral na mga by-laws na nagtatakda ng isang tiyak na bilang ng mga direktor. Ang nasabing hakbang ay tahasang paglabag sa Seksyon 94 ng Implementing Rules and Regulations ng Republic Act Blg. 9004, na naglilista ng mga sitwasyong itinuturing bilang *failure of election*, isa na rito ang pagkakataon na ang bilang ng mga kuwalipikadong kandidato ay hindi umabot sa kinakailangang bilang upang makabuo ng mayorya ng buong Board. Sa ilalim ng mga patakarang mismong ipinalabas ng ELECOM, walang magiging sapat na batayan para sa paglalapat ng nasabing probisyon ukol sa *failure of election*, sapagkat ang patakaran ay hindi nagtakda ng isang tiyak na bilang ng mga direktor.

3. Sa ginanap na Special General Assembly noong Disyembre 6, 2025, sinimulan ng ELECOM ang proseso ng nominasyon para sa halalan ng mga kasapi ng Board of Directors. Nakatanggap ang Board of Directors ng ilang reklamo hinggil sa mga kilos ng Tagapangulo, na umano'y nag-utos sa ilang mga homeowners na isama ang mga pangalan ng ilang partikular na indibidwal sa mga nomination form, isang gawain na hayagang nagpapakita ng pagkiling at pagkapanig at sumisira sa integridad ng proseso ng nominasyon at election.

4. Sa paraan ng pagresolba ng ELECOM sa mga apela ng mga nominado, tahasang humingi ito ng batayan at pahintulot mula sa Board upang maituring na kuwalipikadong nominado si Mr. Paul Christian Casanova at maisama sa opisyal na listahan ng mga kandidato, sa kabila ng katotohanang siya ay hindi isang member in good standing. Sa kabilang banda, hindi binigyan ng ELECOM ng pagkakataon si Ms. Maharani Babasa na makapagsumite ng kulang na dokumento, kahit pa malinaw na siya ay isang member in good standing. Alinsunod sa Implementing Rules and Regulations ng Republic Act Blg. 9004 at sa umiiral na mga by-laws, malinaw na itinatakda na ang nag-iisang rekisito upang maituring na kuwalipikadong nominado ay ang pagiging member in good standing.

5. Ang hindi pagtanggap ng ELECOM sa mga kaukulang dokumento ng dalawa pang nominado na nagpahayag ng kanilang intensyon na tumakbo sa eleksiyon ay maaaring maituturing na pagsikil sa karapatan ng mga homeowners na kumandidato. Ang pagbibigay ng palugit o ekstensiyon para sa pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento ay isang makabuluhan at makatarungang paraan upang matiyak ang mas malawak na representasyon ng mga homeowners, nang sa gayon ay hindi malimitahan ang pamumuno sa iilang indibidwal lamang.

6. Ang hindi pagbigay ng aksyon ng ELECOM sa withdrawal of candidacy ni Mr Isagani Labrador ay isang lantad na pagpapakita ng pagkiling pabor sa mga indibidwal na nais lamang nitong maisama bilang mga kandidato. Alinsunod sa umiiral na mga batas at tuntunin, ang isang kandidato na maayos na naghain ng withdrawal of candidacy ay hindi na maaaring ituring na isang balidong kandidato, at ang patuloy na pagsama sa kanyang pangalan sa listahan ng mga kandidato ay walang batayang legal.

Kung pagsasamahin at susuriin, ang mga nasabing kilos ay malinaw na nagpapakita ng kabiguan ng ELECOM na gampanan ang kanilang tungkulin at responsibilidad nang may katarungan at maayos na paghatol. Ang mga aksyon at mga patakaran na kanilang inilabas ay nagpapakita ng tahasang pagkiling at kawalan ng kakayahang mapanatili ang patas, maayos, at kapani-paniwalang proseso ng eleksyon

KAYA, ang Camella Lipa Homeowners' Association, Inc., sa pamamagitan ng Board of Directors nito, ay idinedeklara na ang mga kilos at pamamalakad ng ELECOM ay nakasasama sa pinakamabuting interes ng komunidad. Alinsunod dito, binabawi ng Board ang tiwala nito sa kakayahan ng ELECOM na gampanan ang kanilang tungkulin at responsibilidad sa isang patas, walang kinikilingan, at maayos na paraan.

Signed by:

Christopher Lloyd O. Castillo
CLHOAI- BOD President

CLHOAI